TAIZÉ

Mga Mungkahi 2019

# Huwag nating kalimutan ang magiliw na pagtanggap!

[Liham Mula Sa Taizé]

*Huwag nating kalimutan ang magpakita ng magiliw na pagtanggap, sapagkat sa paggawa nito, may mga taong ang tinatanggap ay mga anghel nang hindi nila nababatid.*
*[Hebreo 13:2]*

Ang *Pilgrimage of Trust*, ang walang patid na pagtatagpo ng mga kabataan na nagsimula sa Taizé maraming dekada na ang nakalilipas, ay nagpapatuloy sa ngayon sa lahat ng kontinente.

Sa bawat pagtitipon, ang isa mga hindi-nalilimutang karanasan ay ang magiliaw na pagtanggap, para sa mga kabataang kalahok at para sa mga taong nagbukas ng pintuan para sa kanila.

Noong Agosto 2018, muli naming nasukat ang kahalagahan ng magiliw na pagtanggap sa Hong Kong, sa pagtitipon ng mga kabataan mula sa iba't ibang bansa sa buong Asya at iba pa, kasama ang mga bansang nagkaroon ng di-pagkakaunawaan na magpasahanggang ngayon ay may marka pa ng mga sugat ng kasaysayan na nangangailangan ng paghilom.

Pitong daan sa mga kalahok ay nagmula sa iba't-ibang lalawigan ng *Mainland China*. Ang presensya ng mga kabataan mula sa maraming bansa at ang magiliw na pagtanggap sa kanila ng mga pamilya sa Hong Kong ay isang tanda ng pag-asa.

Ang mga kabataang Kristiyano sa Asia ay madalas na mumunting pangkat sa lipunang nakakaranas ng dagliang pagbabago. Sinusubukan nilang kumuha ng lakas mula sa kanilang pananampalataya kay Kristo at sa pamumuhay bilang magkakapatid sa Simbahan.

Mula sa European meeting sa Madrid, sa buong taon ng 2019, sa Taizé, Beirut, Cape Town at kung saan pa man, mas malalim nating pagninilayan ang maraming aspeto ng magiliw na pagtanggap.

Ang mga sumusunod na mungkahi ay nag-uugat sa pananampalataya; inaanyayahan nito ang mga Kristiyano na tuklasin ang pinagmumulan ng magiliw na pagtanggap sa Diyos. Ito ang magdadala sa atin sa tanong tungkol sa larawan ng Diyos na mayroon tayo. Ang Diyos ay hindi nagsasantabi, manapa'y tinatanggap ang bawat isa.

Nakita ko at ng aking mga kapatid na ang karanasan ng magiliw na pagtanggap ay hindi lamang kinabibilangan ng mga Kristiyano mula sa iba't ibang Simbahan, kundi ng mga mananampalataya ng ibang mga relihiyon maging ng mga hindi naniniwala.

Sa gitna ng kasalukuyang paghihirap, kapag ang kawalan ng tiwala ay tila nangingibabaw, magkakaroon ba tayo ng tapang, tayong lahat, na maisabuhay ang magiliw na pagtanggap at sa gayon ay hayaang lumago ang pagtitiwala?

*Br. Alois*

Unang mungkahi:

## Tuklasin ang pinagmumulan ng magiliw na pagtanggap sa Diyos

Sa pasimula ng sansinukob, ang Diyos ay mahiwagang kumikilos. Ang katotohanang ito ay nasa puso ng matulaing kwento ng paglikha sa panimula ng Bibliya. Pinagmasdang mabuti ng Diyos ang kanyang nilikha at binasbasan ito: Nakita ng Diyos kung gaano kabuti ang kabuuan ng kanyang mga nillikha. Ang buong sansinukob ay lubhang kinalulugdan ng Diyos.

Kung minsan, kaunti lamang ang ating nauunawan tungkol sa Diyos, subalit maaari tayong magpatuloy sa ating pagtitiwala na hangad ng Diyos ang ating kaligayahan at tinatanggap tayong lahat, nang walang kondisyon. Ang Diyos ang bukal ng magiliw na pagtanggap.

Dagdag pa rito, sa pamamagitan ni Kristo, ang Diyos ay umabot sa sukdulan ng pagiging kaisa natin, upang ilapit ang sangkatauhan sa Kanya at tanggapin tayo. Ang magiliw na pagtanggap na ito ng Diyos sa atin ay humahaplos sa kaibuturan ng ating kaluluwa; ito ay nag-uumapaw at lumalagpas sa anupamang uri ng hangganan.

- Sa harap ng panganib na nagpapabigat sa kasalukuyan, nalulupig ba tayo ng kawalang pag-asa? Upang manatiling buhay ang ating pag-asa, sanayin natin ang diwa ng pagkamangha, ang pagmamasid sa ating paligid na may mga matang nakakikita ng lahat ng bagay na maaaring hangaan.
- Mag-isa man o may kasama, basahin natin ang Bibliya, simula sa Mabuting Balita na naglalahad ng buhay ni Jesus. Maaaring hindi natin kaagad-agad mauunawaan ang lahat; kung minsan kailangan nating maghanap pa. Ang sama-samang paglapit sa Bibliya ay tulad ng paglapit sa isang batis ng tubig na nagbibigay-

buhay na makatutulong sa ating lumago sa ating pagtitiwala sa Diyos.

*At [ang anak na naglayas ay] nagpasyang umuwi sa kanila. Malayo pa'y natanaw na siya ng kanyang ama, at dahil sa matinding awa ay patakbo siyang sinalubong, niyakap, at hinalikan. (Lucas 15:20)*

*Ano ang itinuturo ng talinhagang matatagpuan natin sa Lucas 15: 11-32 tungkol sa mabuting pagtanggap ng Diyos?*

Ikalawang mungkahi:

## Bigyang pansin ang presensiya ni Kristo sa ating buhay

Hinahandugan tayo ng Diyos ng magiliw na pagtanggap, ngunit sa pamamagitan ng ating malayang tugon ito ay nagiging isang tunay na pakikipag-isa sa kanya.

Ipinapakita ni Jesus na ang Diyos ay pag-ibig, naghahandog sa atin ng pakikipagkaibigan. Buong kababaang-loob, si Kristo ay nakatayo sa harap ng ating pintuan at kumakatok. Tulad ng isang taong aba, umaasa Siya at naghihintay sa ating magiliw na pagtanggap bilang kapalit. Kung sakali man na may isang magbukas ng pintuan para sa kanya, Siya'y papasok doon.

Sa pamamagitan ng isang simpleng panalangin, binibigyan natin Siya ng daan patungo sa ating puso. Sa gayon, kahit na hirap tayong maramdaman ang Kanyang presensya, si Kristo ay patuloy na mananahan sa atin.

- Ang pagdarasal sa simbahan, kahit saglit lamang, paglalaan ng oras, sa gabi o umaga, na walang ibang layunin kung hindi ang ipagkatiwala ang ating araw sa Diyos – ang mga bagay na ito ang magpapatibay ng ating kalooban sa pagdaan ng panahon. Ang pag-alala sa presensya ni Kristo ang magpapapalaya din sa atin sa ating mga takot - takot sa ibang tao, takot na hindi tayo sapat, pagkabalisa sa harap ng kinabukasang walang katiyakan.
- Kapag tayo ay walang sapat na oras, maaari nating kausapin si Kristo tungkol sa ating sarili at ating kapwa - yaong malapit man at malayo - sa ilang pananalita, tulad ng sa isang bulong. Maaari nating sabihin sa Kanya ang ating saloobin at ang mga bagay na madalas ay di natin maunawaan. Ang mga ilang salita mula sa Bibliya ay maaaring manatili sa atin sa buong araw.

> Winika ni Kristong muling Nabuhay, "Nakatayo ako at kumakatok sa pintuan. Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, papasok ako sa kanyang tahanan at kakain kaming magkasalo."
> [Pahayag 3: 20]
> *Ano ang nakakatulong sa aking upang mapakinggan si Kristo? Ano ang kahulugan para sa akin ng "buksan ang pinto" sa Kanya?*

Ikatlong mungkahi:

# Malugod na tanggapin ang ating mga biyaya at maging ang ating mga kahinaan

Tanggap ng Diyos ang lahat sa atin - kaya naman, kaya nating tanggapin ang ating mga sarili kung sino tayo.  Ito ang simula ng paghilom na napakahalaga para sa ating lahat.

Papurihan natin ang Diyos para sa ating mga biyaya.  Tanggapin din natin ang ating mga kahinaan bilang pinto kung saan papasok ang Diyos sa atin.  Upang higit pa tayong pangunahan, upang matulungan tayong baguhin ang ating buhay, nais ng Diyos una sa lahat na tanggapin natin ang ating sarili.

Ang pagtanggap sa ating mga limitasyon ay hindi tayo ginagawang pasibo o walang kibo sa gitna ng kawalang-katarungan, karahasan, at pagsasamantala ng tao.  Sa kabilang banda, ang pagsang-ayon sa ating kahinaan ang maaaring magbigay sa ating ng kalakasan sa ating pagpupunyagi na may pusong marunong makipagkasundo.

Ang Espiritu Santo, ang apoy na nakakubli sa kaibuturan ng ating pagkatao, ay unti-unting pinapanibago ang lahat-lahat na taliwas sa ating buhay.

- Upang matuklasan ang ating mga biyaya at tanggapin ating mga kahinaan, humanap tayo ng isang taong makikinig sa atin nang may kabutihan, isang taong matutulungan tayong lumago sa ating buhay at pananampalataya.
- Mahalagang maglaan tayo ng puwang sa pagpupuri sa ating panalangin.  Pinagkakaisa nito ang ating pag-iral.  Ang panalanging inaawit nang sama-sama ay hindi mapapalitan; at pagkatapos, mananatili itong umaalingawngaw sa ating mga puso.

*"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at lubhang nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan.  Pasanin ninyo ang aking pamatok at matuto kayo sa akin sapagkat ako'y maamo at may mababang loob. Makakatagpo kayo sa akin ng kapahingahan sapagkat madaling dalhin ang aking pamatok at magaan ang pasaning ibibigay ko sa inyo."*
*[Mateo 11: 28-30]*
*Anong pahirap at anong kapahingahan ang sinasabi ni Hesus? Ano ang maaari kong matutunan sa kanya?*

Ikaapat na mungkahi:

## Hanapin sa Simbahan ang lugar ng pakikipagkaibigan

Para maibahagi sa iba ang ating pananalig sa Diyos, kailangan natin ang mga lugar kung saan natin matatagpuan hindi lamang ang iilang kaibigan na kilala natin, kundi ang pagkakaibigang lubhang malawak na kasama pati yaong mga kaiba sa atin.

Ang mga parokya at lokal na pamayanan ay nagbubuklod ng mga tao mula sa iba't ibang henerasyon at mga tao mula sa iba't ibang pinanggalingang kutural at sosyal.  Mayroong isang yaman ng pagkakaibigan doon, isang yaman na kung minsan ay hindi ganap na natutuklasan at kinakailangang gamitin nang mabuti.

Kung ang bawat lokal na Simbahan ay nagtuturingan ng tulad sa isang pamilya, kung saan malaya tayong ipakita ang ating sarili, kasama ang ating alinlangan at mga katanungan, nang hindi natatakot na mahusgahan…

Ang Simbahan ay matatagpuan kung saan umiihip ang hangin ng Banal na Espiritu Santo, kung saan ang pakikipagkaibigan ni Kristo ay nagliliwanag papalabas. Sa ilang lugar sa Timog, may mga maliliit na pamayanang Kristiyano na gumagawa ng isang malawak na pangako para sa iba, sa kanilang kapitbahay o sa kanilang nayon. Maaari kaya silang pagmulan ng inspirasyaon ng ibang mga bansa?

- Mainam ang malimit tayong nagtitipon-tipon sa maliliit na mga grupo para magdasal at magbahaginan, ngunit tulungan din natin ang buhay ng mas malaking pangkat ng Kristiyanong pamayanan na namumuhay sa ating bayan o nayon. Kaya ba ng ating maliit na grupo na maging mapagmasid, halimbawa, sa mga taong dumadalo sa mga lingguhang pagtitipon ngunit walang kakilala sa mga naroon?
- Hangad ni Kristo na pagbuklurin lahat ng nagmamahal at sumusunod sa Kanya, higit pa sa kanilang kinabibilangang relihiyon. Ang sama-samang magiliw na pagtanggap ay daan tungo sa pagkakaisa. Hindi ba natin kayang mag-anyaya sa mga nakapaligid sa atin na naiiba ang pananampalataya upang manalangin kasama natin nang mas madalas kaysa sa ating ginagawa?

> *Nakatayo sa tabi ng krus ni Jesus ang kanyang ina… Nang makita ni Jesus ang kanyang ina at ang minamahal niyang alagad na nasa tabi nito, sinabi niya, "Ina, ituring mo siyang sariling anak!" At sinabi niya sa alagad, "Ituring mo siyang iyong ina!" Mula noon, sa bahay na ng alagad na ito tumira ang ina ni Jesus.*
> [Juan 19: 25-27]
> *Katulad ng naging buhay ni Hesus, paano tayo mamumuhay bilang magkakapatid sa pananampalataya?*

Ikalimang mungkahi:

## Isagawa ang magiliw na pagtanggap nang bukas-loob

Ang pagkamagiliw sa atin ng Diyos ay isang paanyaya. Maaari ba nating tanggapin ang iba, hindi gaya ng gusto natin para sa kanila, kundi kung ano at sino sila? Maaari ba nating hayaan ang ating sarili na tanggapin nila sa kanilang sariling paraan, hindi sa paraang gusto natin?

- Tayo ay maging mga kababaihan at kalalakihan ng malugod na pagtanggap, naglalaan ng oras upang pakinggan ang iba, inaanyayahan sila sa isang salu-salo, lumalapit sa mga dukha, may mabuting salita ating mga nakakatagpo.
- Sa harap ng malaking hamon na dulot ng pandarayuhan, maghanap tayo ng paraan kung saan ang magiliaw na pagtanggap ay maaaring maging pagkakataon, hindi lamang para sa mga tinanggap na kundi maging sa mga tumatanggap din. Ang personal na pakikipagtagpo ay lubhang kailangan – halimbawa, maaari tayong makinig sa kuwento ng isang dayuhan o takas *(refugee)*. Ang pakikipagtagpong sa mga taong mula sa ibang lugar ay makakatulong din sa atin upang higit na unawain ang ating pinagmulan at mapalalim ang ating pagkakakilanlan.
- Kailangan nating pangalagaan ang mundo. Ang kahanga-hangang planetang ito ay ating payak na tahanan. Ipagpatuloy natin ang mabuti nitong pagtanggap hanggang sa mga susunod na henerasyon. Mahalagang suriin natin ang ating pamumuhay, gawin ang lahat ng ating makakaya upang itigil ang walang kapararakang pananamantala sa ating likas na yaman, at upang labanan ang lahat ng uri ng polusyon at pagbagsak ng ating saribuhay (biodiversity). Kung tayo ay kaisa ng buong

sannilikha, matutuklasan natin ang ligaya na dumadaloy mula rito.

*Sabi ni Hesus, "Tandaan ninyo, nang gawin ninyo ito sa isa sa mga alagad ko, siya man ang pinakahamak, ako ang inyong tinulungan." [Mateo 25:40]*

*"...dapat ninyong tulungan ang mahihina. Alalahanin natin ang mga salita ng Panginoong Jesus, 'Higit na mapalad ang nagbibigay kaysa tumatanggap.'"*

*[Gawa 20:35]*

***Kailan ko naranasan na ang pagbibigay ay nagdudulot ng kaligayahan? Alam ko ba na kailangan ko rin tumanggap ng anuman mula sa iba?***

Upang matuto pa tungkol sa Taizé

www.taize.fr/en

Sa social media @taize